

Alamin ang regulasyon sa Pagbibisekleta


Ayon sa pagsisiyasat ng National Police Agency noong 2017, kada 5 min 49 sec ay may aksidente sa bisekleta.



20% ng Aksidente sa trapiko ay aksidente sa bisekleta

Mapapansin natin na may mga nagbibisekleta ng nakahilera habang nakikipag-usap sa kaibigan o kaya gumagamit ng cell fone. Ang mga ganitong gawain ay maaring maging sanhi ng aksidente. Alamin natin ang regulasyon sa pagbibisekleta.

■ Tingnan ang larawan sa kanan : alin sa ①~③ ang tamang pagbibisekleta?



Ang bisekleta kagaya ng sasakyan ay kailangang sumunod sa regulasyon ng batas trapiko

- Talakayin natin ang ilan sa 20 na mga alintuntunin na dapat sundin kung kayo ay nagbibisekleta:
- ☆ Kagaya ng sasakyan ang bisekleta ay dapat nasa kaliwang bahagi ng daan. Kung kailangang dumaan sa sidewalk dahan dahan lamang ang pagpapatakbo at bigyan prayoridad ang mga naglalakad. ☆ ① Bawal magbisekleta kung lasing. (Maari kayong makulong ng 5 taon o magmula ng hanggang 1 million yen.) ② Maliban sa bisekletang pinapayagang magsakay ng 2 tao, bawal ang pagsakay ng 2 tao sa pangkaraniwang bisekleta ③ Paggamit ng payong o cellphone at nakahilerang pagbibisekleta ay ipinagbabawal din. ④ Paggamit ng ilaw sa gabi ay ipinapatupad. ⑤ Pagsunod sa traffic signals lalo na sa intersection traffic. ⑥ Pagsunod sa mga traffic signs at patakaran sa pagparke ⑦ Paggamit ng helmet ng mga bata. (Sa Fujimi-shi ay nagbibigay ng suportang pondo ng ilang bahagi sa pagbili ng helmet)


Mga traffic signs na dapat malaman sa paggamit ng bisekleta

Bawal dumaan	Bawal dumaan ang bisekleta at sasakyan	Bawal pumasok ang bisekleta at sasakyan	Bawal lumiko ang bisekleta at sasakyan	Bawal mag U-turn	Hinay-hinay na pagpapatakbo
Tumigil sandali	Bawal dumaan ang pedestrians	Bawal tumawid ang pedestrians	Bawal dumaan ang bisekleta	Daan para sa sasakyan lang	One-way
Maaring magkahilera ang bisekleta let ay pwededumaan	Daan para sa pedestrians at bisekleta	Daan para sa pedestrians	Daan para sa bisekleta	Pedestrian lane	Tawiran para sa bisekleta

■P1⇒Sagot: Lahat ay tama. Ang matanda ay nasa kaliwang bahagi ng daan, ang mga bata ay nasa bahagi ng sidewalk. nagbibisikleta.

Aksidente ng bisikleta at naglalakad na tao ay dumarami

Pagpataw ng multang 100 million yen sa aksidente ng bisikleta ay na-aprubahan na. Kumuha tayo ng insurance para sa bisikleta.



Ipinapatupad na ang pag-uutos ng pagkuha ng insurance para sa bisikleta sa Saitama Prefecture. Ayon sa pamphlet ng Japan Road Traffic Association (makukuha din sa Saitama Police Agency) sa halagang ¥1,430 na taunang bayad ay maseseguro hanggang 100 milyon yen. Kumuha tayo ng insurance para sa bisikleta.



Summer na! Punta tayo sa pool ! Garden Beach Pool sa Fujimi-shi !



- ★Bukas : July 13 ~ Sept 1 9:00~17:00
- ★Bayad : Matanda-¥500, Junior HS-¥300, Elem.-¥100
- ★Lugar: 545 Katsuse, Fujimi-shi TEL.049-254-4349
- ★Parking fee: sasakyan- ¥300, Bike/Bisikleta - libre



Pagtitipon sa FICEC Café FICEC



Inaanyayahan namin kayo sa masayang pagtitipon kada buwan sa FICEC cultural salon. May konting salo-salo at masayang balitaan at kuwentuhan.

- ◆Saan : Fujimino Int'l Cultural Center (FICEC)
- ◆Petsa at oras 14:00~16:00
June 30 (Sun), July 27 (Sat), Aug. 25(Sun),
Oct. 27 (Sun), Nov. 30 (Sat)
- ◆Walang bayad. (Makakatulong kung magdadala ng snacks o inumin na nagkakahalaga ~ ¥500)
- ◆Tumawag at magpalista :
Fujimino Int'l Cultural Center (FICEC)
(c/o Ms. An) Tel. 049-256-4290

Pananawagan sa mga nais mag volunteer staff bilang translators/interpreters ng wika ng inyong bansa. Tumawag lamang sa FICEC.

FICEC Nihongo Class

『Pakikipag-usap sa iba't ibang tao』



Bihasa ng makipag-usap sa Nihongo subalit may mga okasyong nahihirapan sa pakikitungo sa pinagtatrabahuhan. Halimbawa ay nais ninyong hindi pumasok dahil masakit ang inyong tiyan, paano sabihin sa magalang na pananalita sa Nihongo?

Mas magalang ang Nihongo kung sasabihing...

「おなかが痛いので、休ませていただきたいのですが...(Onaka ga itai no de, yasumasete itadakitai desu ga...)」 .

Sa pakikipag-usap sa trabaho mas magalang kung sasabihing “Yasumasete itadakitai” kaysa simpleng “yasumimasu”, lalo na kung nakakataas ang posisyon ng kausap. Maaring parehas lang ang ibig sabihin subalit ang dating nito sa inyong kausap ay mas magandang reaksyon dahil sa ito ay mas magalang. Mag-aral tayo sa Nihongo Class para matutunan ang iba't iba at tamang pananalita ng Nihongo.